

Ano ang “slamming?”

Ang “slamming” ay nangyayari kapag ang iyong serbisyong “wireless” ay nalipat sa ibang kumpanya na walang permiso mula sa iyo.



Kung kailangan ninyo ng tulong sa reklamo tungkol sa serbisyong telekomunikasyon o kuwenta, tumawag muna sa inyong kumpanya ng telepono. Kung hindi maareglo ang inyong problema, maaari kayong magsampa ng reklamo online sa: www.calphoneinfo.com o tumawag sa Hotline ng **Consumer Affairs Branch** (Sangay para sa mga Asunto ng Tagakonsumo) at ng **Utility Fraud** (Pandaraya Kaugnay sa mga Palingkurang-bayan) sa: **1(800) 649-7570**



CPUC

Slamming— May 2012—Tagalog

“Slamming”

KOMISYON NG
CALIFORNIA SA
MGA GAMIT
PAMPUBLIKO





“Slamming”

Basahing mabuti ang iyong kuwenta sa telepono bawat buwan para makitang tama ang mga impormasyon at kargo. Halimbawa, kung ang iyong serbisyo sa “long distance” ay hindi ibinibigay ng kumpanyang iyong pinili, ibig sabihin nito ikaw ay na”slammed.” Kung ikaw ay na”slammed”, hindi ka kailangang magbayad sa unang 30 araw ng serbisyo sa kumpanyang nag”slammed.” Gayundin, sabihin sa iyong otorisadong kumpanya ng lokal na telepono na gusto mong ang lahat ng mga kargo sa paglipat ng “carrier” ay alisin sa iyong kuwenta.

Mga bagay na dapat malaman tungkol sa “slamming”

Ano ang dapat gawin kung ikaw ay na”slammed”

Kung ikaw ay na”slammed” sundin ang mga sumusunod na hakbang para makuhang muli ang serbisyo ng iyong piniling kumpanya at para maitama ang iyong kuwenta.

1) Tawagan ang iyong lokal na kumpanya ng telepono o ang iyong piniling kumpanya sa “long distance” para ibalita ang pagka”slam” at para makabalik muli sa iyong piniling kumpanya. Siguraduhin na hindi ka bibigyan ng kargo sa pagbabalik. Maaari kang bigyan ng kredito, tanungin lamang sa iyong pagtawag.

2) Magtala ng mga pangalan ng iyong mga nakausap tungkol sa mga bagay-bagay. Ilista ang petsa, pangalan, ang numero ng empleyado at kung ano ang sinabi ng empleyado sa iyo.

3) Magreklamo sa California Public Utilities Commission (CPUC). Tumawag sa 1-800-649-7570 o bumisita sa www.calphoneinfo.com. Makatutulong ito sa ibang tao para makaiwas na ma”slammed.”

Iwasan ang ma”Slammed”

Para maiwasan ang “slamming” sundin ang mga hakbang na ito:

- Huwag magbibigay ng mga impormasyong personal sa telepono sa kaninumang estangherong tumawag sa iyo.
- Hilingin sa kumpanya na itala kung sino ang otorisado na gumawa ng mga pagbabago sa iyong kuwenta.
- Basahin ang lahat bago pumirma. Ang mga “sweep-stakes,” patimpalak, o mga tseke ay maaaring iligaw kang magbigay ng otorisasyon sa pagbabago.
- Ibalita ang nawala o nanakaw na cell phone sa iyong kumpanya agad-agad upang mahinto ang serbisyo para walang makagamit nito.
- Hindi mo kailangang makipagusap sa mga “telemarketers.” Irehistro ang iyong telepono sa “Do Not Call” para maiwasan ang mga tawag mula sa telemarketer.
- Kung ayaw mong magbago ng mga kumpanya, huwag kang magsabi ng oo sa anumang sabihin ng telemarketer sa iyo. Maaari itong gamitin ng kumpanya para gamiting pruwera na ikaw ay umayon sa “order.”



Malalaman mo kung ano ang iyong kumpanya sa “long distance” sa pagtawag sa 1-700-555-4141 mula sa iyong telepono sa bahay. Maririnig mo ang pangalan ng iyong kumpanya sa “long distance.”

Kailangan mong magsampa ng reklamo?

Maaaring ipadala ang mga reklamo sa:

Slamming Complaints
Consumer Branch Affairs
California Public Utilities Commission
505 Van Ness Avenue
San Francisco, CA 94102

Ibigay ang mga sumusunod na impormasyon: pangalan, tirahan, numero ng telepono, “email address,” mga pangalan ng lahat ng “carrier” na kasama sa iyong reklamo, deklarasyon ng mga tunay na pangyayari, kopya ng iyong kuwenta, ang iyong mga binayaran at kung ano ang gusto mong bayaran.